

Sistema ng Pagbubuntis/ Kapanganakan/ Pagiging Magulang

Matinding kaligayahan kahit sa aling bansa kapag may ipinanganganak na bata. Pero dahil may kaunting pagkakaiba sa sistema ng mga bansa ipakilala natin ang sistema Japan.



Babaeng nagtatrabaho

Pahinga sa trabaho bago manganak

6 na linggo (lugar ng trabaho) Ang sweldo habang pahinga sa trabaho ay depende sa patakaran ng paggawa.

Pahinga sa trabaho pagkapanganak

Kailangan magtrabaho pagkatapos ng 8 linggo pagkapanganak.

Pagbabawal ng suspensyon

Bago manganak at pahinga sa trabaho sa loob ng 30 na araw pagkapanganak.



Pangangalaga sa Bata

Pagsusuring medikal ng sanggol

Maaaring ipasuri ng libre ang kalusugan ng bata. (Health Center)

Pagpapabakuna

May mga pagbabakuna na isinasagawa ng samahan kung saan nakatakda ang araw at oras sa mga health centers, mayroon din naman na pagbabakuna na isinasagawa ng bukod sa mga institusyong medikal.

Subsidized na gastusing medikal para sa kapakanan ng mga bata

Tungkol sa pagsagot sa sariling gastusin gamit ang pera galing sa insurance. Gastos sa pagpapaospital at pagpunta sa ospital para sa mga sanggol 2 taon pababa ang edad, sa pangatlong anak na nasa preschool naman ay tatanggap ng suporta sa pagpapaospital. (City/ Town/ Village Office)

Allowance ng Bata

Kailangan mag-apply para matulungan ang tao na may anak na sinusupportahan bago ito magtapos ng elementarya. (mayroong limit sa sweldo)

Halaga ng buwanang allowance : 3 taon pataas/ una, 2 bata : 5,000 yen Pagkatapos ng pangatlong bata : 10,000 yen 3 taon pababa/saradong 10,000 yen

Allowance ng batang dependent

Susuportahan ang ina na mag-isang nagpapalaki ng anak.

Espesyal na allowance ng batang dependent

Susuportahan kung may batang inaaruga na may kapansanan sa pag-iisip at sa pangangatawan.



Panahon ng Pagbubuntis

Pagpaparehistro ng Pagbubuntis (City/ Town/ Village Office, Health Center)

Obligasyon ang pagpaparehistro ng pagbubuntis.

Pagbibigay ng maternity record book

Ang libretang ito ang magiging health record ng pagbubuntis, panganganak at pangangalaga sa bata. Makatatanggap din libreng tiket para sa konsultasyon ng pangkalahatang pagsusuri sa kalusugan ang buntis at bata. Tatanggap din ng libreta sa pagpapabakuna. Dalhin ito lagi sa panahon ng pagbubuntis, pagpapasuri ng kalusugan ng bata at pagpapabakuna.

Pagsusuring Medikal

Depende sa panahon ng pagbubuntis ang bilang ng pagpapasuri ay may pagkakaiba pero tinatanggap ang regular na pagpapasuring medikal. (Health Center, Medical Institution)

Klase sa pagiging nanay, pagiging magulang

Makakukuha ng guidelines o gabay mula sa mga public health nurses tungkol sa pag-aalaga ng bata at pagbubuntis. (Health Center)



Panganganak

Gastusin sa Panganganak

Dahil hindi itinuturing na sakit ang panganganak ng normal hindi maaaring gamitin ang health insurance pero sa bandang huli ay maaaring tumanggap ng lump sum ang taong miyembro ng insurance.

Perang suporta sa panganganak

Kung walang pambayad sa gastusin sa panganganak, sinasagot ng sangay ng pamahalaan ang isang bahagi o lahat ng gastusin depende sa sweldo. (City Hall, Welfare Office)

Lump sum para sa panganganak at pangangalaga ng bata

Lump sum sa panganganak ng asawa at pangangalaga sa bata: Binabayaran ang lump sum mga 300,000 yen para pagaangin ang gastusin na maaaring pasanin bago at matapos manganak ang asawa ng miyembro ng health insurance o National Health Insurance.

National Health Insurance : City/ Town/ Village Office

Health Insurance: Inia-apply sa kumpanya o sa social insurance office.

Huwag kalimutan iparehistro ang panganganak sa city hall, consulate office o sa Immigration Bureau. Kumuha rin po ng birth certificate o birth certificate acceptance para sa mga batang walang residence qualification!



Mga Institusyon na may kinalaman sa babae at bata

Lump sum sa panganganak

Miyembro ng National Health Insurance: siyudad, munisipalidad, baryo

Miyembro ng Health Insurance:

Otsu Social Insurance Office, 4-1-1 Kyomachi Otsu-shi
077-521-1126

Kusatsu Social Insurance Office, 1-16-35 Nishishibukawa
Kusatsu-shi 077-562-8181

Hikone Social Insurance Office, 169-6 Sotomachi
Hikone-shi 0749-23-1111

Konsultasyon para sa babaeng nagtatrabaho

Pagkakapantay-pantay sa trabaho, Pangangalaga ng bata,

Pag-aalaga, pahinga sa trabaho

Shiga Labor Standards Bureau, 6-6 Miyukimachi
Otsu-shi 077-523-1190

Tungkol sa pagkasuspindi sa trabaho

Labor Standards Jurisdiction Director

May suporta sa tahanan, lugar ng trabaho para sa pakikipamuhay at pangangalaga ng bata

The 21st Century Occupation Foundation, Shiga
Office 077-523-5141

Konsultasyon para sa biktima ng stalking at sexual crime

Police Women Team Clara 077-521-9662

Pagbubuntis, Panganganak, Pagpapalaki ng bata,

Nutrisyon, Pagbabakuna

Bawat Insurance Center

Mother and Child Household

Child-Family Section ng bawat City Hall

Konsultasyon sa pag-aaruga ng bata at psychosomatic disorder

Chuo Child Consultation Center 077-562-1121

Hikone Child Consultation Center 0749-24-3741

Karapatang Pantao ng Bata, Konsultasyon sa pambu-bully

Karapatang Pantao ng Bata 110 0120-007-110



Nabuntis. Pakituro ang mga proseso hanggang sa makapanganak

Kapag kumpirmado nang buntis:

Kapag nakumpirma ang pagbubuntis mula sa institusyong medikal, magpasa ng report sa health insurance center ng city hall, munisipalidad o baryo at tanggapin ang libreta ng pagbubuntis. Bibigyan ng libreng tiket (standard ang 2) para sa konsultasyon ng hepatitis B na maaaring lumabas sa pagbubuntis ang mga rehistradong dayuhang residente, dalhin ito sa mga institusyong medikal at magpasuri ng kalusugan. Makisali din sa klase para sa pagiging ina at magulang sa mga health insurance centers para sa pangangank.

Kapag nanganak:

Kunin ang birth certificate mula sa ospital, ipasa ito sa city hall, munisipalidad, sa town o village sa loon ng 14 na araw pagkapanganak. Kunin ang dalawang kopya ng acceptance ng birth certificate. Ang isang kopya ay ipasa sa Immigration Bureau sa loon ng 30 na araw at kumuha ng eligibility. Ang isang kopya na may certified true copy na tatak ay ipasa naman sa Consulate General Office ng sariling bansa. Pagkatapos ay isagawa ang proseso ng Alien Registration sa city hall, munisipalidad, town o village. Dapat magpasuri ng kondisyong pangkalusugan ng sanggol sa health centers dahil mayroong libreng konsultasyong medical.



Mga magkano ang aabutin ng gastusin sa panganganak?

Depende sa sitwasyon at sa ospital, karaniwan aabutin ng 300,000 yen ang halaga ng panganganak. Hindi saklaw ng health insurance ang panganganak pero maaaring bumalik bilang lump sum ang 350,000 yen ng mga miyembre ng health insurance na may asawang manganganak, (nakunan o patay ang bata na dapat na ipinanganak sa loob ng 85 na araw.)

